6

Republic of the Philippines
**Department of Education**
**NATIONAL CAPITAL REGION**
**Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City**

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

# Baitang – 6 FILIPINO Aralin 7


**Development & Editorial Team**

| | |
|---|---|
| **Writer:** | Jasmin V. Bayugo |
| **Illustrator:** | Jasmin V. Bayugo |
| **Layout Artist:** | Mr. Valentin C. Sagun, Jr. |
| **Content Editor:** | Dr. Robert B. Lacayanga |
| **Language Editor:** | Mr. Werlito C. Batinga |
| **Management Team:** | Dr. Malcolm S. Garma, Regional Director - NCR<br>Dr. Romela M. Cruz, SDS SDO-Mandaluyong City<br>Dr. Genia V. Santos, CLMD Chief - NCR<br>Dr. Alyn G. Mendoza, CID Chief SDO-Mandaluyong City<br>Dr. Ma. Gloria G. Tamayo EPS, FILIPINO - NCR<br>Mr. Dennis M. Mendoza, LR EPS - NCR<br>Mr. Werlito C. Batinga SDO EPS, Filipino MTB-MLE – Mandaluyong City<br>Dr. Ruby E. Baniqued, LR EPS SDO-Mandaluyong City<br>Ms. Nancy C. Mabunga, Librarian - NCR<br>Ms. Dorothy Grace I. Reyes, PDOII SDO-Mandaluyong City<br>Mr. Calixto N. Camangeg, Librarian II SDO-Mandaluyong |



**(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.)**

**ARALIN 7:** PAGKUHA NG IMPORMASYON SA PAMAMAGITAN NG PAHAPYAW NA PAGBASA

**INAASAHAN:**

1. Nakakukuha ng impormasyon sa pamamagitan ng pahapyaw na pagbasa
2. Nakapagtatala ng mga impormasyon mula sa binasang teksto
3. Naisapupuso ang kahalagahan ng pagbabasa **F6EP-IIIg-11**

## UNANG PAGSUBOK

**Panuto**: Basahin at unawain ang bawat pangungusap. Piliin ang letra ng tamang sagot.

1.) Ito ay ang pagkilala at pagkuha ng mga ideya at kaisipan sa mga sagisag o simbolong nakalimbag na nais ilipat sa isipan ng mga mambabasa.
A. Pagbasa
B. Pagsulat
C. Pagsasarbey
D. Pananaliksik

2.) Ito ay mabilisang pagbasa upang makuha ang pangkalahatang ideya ng teksto. Ginagawa ito para sa pagtingin o paghanap ng mahahalagang impormasyon na maaaring makatulong sa bumabasa.
A. Masuring pagbasa
B. Kaswal na pagbasa
C. Pahapyaw na pagbasa
D. Pagbasang may pagtatala

3.) Bakit mahalaga ang pagbabasa?
A. Nadadagdagan ang kaalaman.
B. Napayayaman at napalalawak ang talasalitaan.
C. Nakakukuha ng mga mahahalagang impormasyon.
D. Lahat ng nabanggit.

4.) Ito ay tumutukoy sa mahahalagang kaalaman o konsepto tungkol sa isang ganap na tao, bagay, lugar, o pangyayri. Ito rin ay mahahalagang detalye na may basehan, batayan, kahulugan, at konteksto.
   A. Teksto
   B. Pagbasa
   C. Impormasyon
   D. Wala sa nabanggit

5.) Ano ang kahalagahan ng pagkuha ng impormasyon?
   A. Napayayaman ang kaisipan
   B. Napauunlad at napalalawak ang kaalaman
   C. Nakatutuklas ng bagong kaalaman at konsepto
   D. Lahat ng nabanggit

## BALIK-TANAW

**Panuto:** Tukuyin kung **TAMA** o **MALI** ang mga impormasyong nakasulat sa bawat pangungusap.

1) Ang pangungusap ay lipon ng mga salita na nagpapahayag ng isang buong diwa.
2) Ang padamdam na pangungusap ay tinatawag ding paturol.
3) Ang patanong na pangungusap ay nagtatapos sa bantas na tuldok.
4) Ang pautos na pangungusap ay nagpapahayag ng pag-uutos o pakiusap.
5) Ang pangungusap na padamdam ay nagsasaad ng matinding damdamin tulad ng tuwa, gulat, galit, atbp.

## MAIKLING PAGPAPAKILALA NG ARALIN

- Ang ***pagbasa*** ay pagkilala at pagkuha ng mga ideya at kaisipan sa mga sagisag na nakalimbag upang mabigkas nang pasalita.
- Ang ***pahapyaw na pagbasa*** ay mabilisang pagbasa upang makuha ang pangkalahatang ideya ng teksto.
- Ginagawa ito para sa pagtingin o paghanap ng ***mahahalagang impormasyon*** na maaaring makatulong sa bumabasa.

**Mga Paraan ng Pagkuha ng Impormasyon:**

- Pagbabasa ng mga libro, *journals, encyclopedia, magazines, newspapers,* at iba pang babasahin
- Pag-search sa *internet*

**Upang masabi na impormasyon ang isang bagay, narito ang apat na bagay na maaaring isaalang-alang:**

1. Ang impormasyon ay wasto.
2. Ang impormasyon ay maayos at tiyak para sa isang layunin.
3. Ang impormasyon ay may konteksto na nagbibigay ng kahulugan at kahalagahan nito.
4. Ang impormasyon ay nakadadagdag ng pag-intindi at nakababawas ng kawalan ng katiyakan.

## GAWAIN 1

**Panuto**: Basahin at unawain ang teksto.



https://www.google.com/search?q=library+boy+and+girl+reading+clipart

Ang silid-aklatan o library ay isang silid o gusaling may koleksiyon ng mga aklat. Ang koleksiyon ng aklatan ay kinapapalooban ng mga produkto ng makabagong teknolohiya gaya ng mga *CD, DVD, audio tapes, video tapes,* at iba pang *multimedia.*

Ang mga silid-aklatan ay sentrong pang-impormasyon o *information centers.* Hindi lamang ito bukal ng impormasyon at karunungan kundi tagapag-ingat din ng ating mayamang kasaysayan, kultura, tradisyon, at ang ating ambisyon at mga pagsisikap na maitatag ang isang maunlad, malaya, at mapayapang bansa.

Sa kabila ng laganap na paggamit ng *computers* at iba pang makabagong kagamitan at teknolohiya, hindi pa rin maisasantabi ang kahalagahan ng mga silid-aklatan na libreng napagkukunan ng mga impormasyon para sa pag-aaral at pagsasaliksik.

**Panuto:** Piliin ang letra ng tamang sagot.

1) Ano ang aklatan?
   A. Isang silid o gusaling may koleksiyon ng mga aklat.
   B. Dito nagaganap ang pagtatanghal o programa ng mga mag-aaral.
   C. Parkeng inilaan upang magbigay ng libangan sa mga bata o lugar kung saan naglalaro ang mga bata.
   D. Dito kumakain at nagbibigay oras upang magkasama-sama ang mga kaibigan sa iba't ibang grado o seksiyon.

2) Ano ano ang nakikita sa aklatan?
   A. mga aklat o libro
   B. mga pahayagan at *magazine*
   C. mga *CD, DVD, audio at video tapes*
   D. lahat ng nabanggit

3) Sino ang madalas na pumupunta sa aklatan?
   A. mga maysakit
   B. mga magulang
   C. mga mag-aaral
   D. mga manggagawa

4) Ano ang benepisyong makukuha sa pagpunta sa aklatan?
   A. Ito ay bukal ng impormasyon at karunungan.
   B. Tagapag-ingat ito ng ating mayamang kasaysayan.
   C. Mababasa rito ang iba't ibang paksa tulad ng agham at matematika
   D. Lahat ng nabanggit

5) Bakit mahalaga ang mga silid-aklatan?
   A. Ang mga silid-aklatan ay sentrong pang-impormasyon o *Information Centers*
   B. Napagkukunan ito ng mga libreng impormasyon para sa pag-aaral at pagsasaliksik.
   C. Puntahan ito ng mga taong ninanais na huwag bumili o hindi kaya ay walang pambili ng aklat.
   D. Lahat ng nabanggit

## GAWAIN 2

**Panuto**: Basahin at unawain ang teksto.


Ang climate change ay ang pagbabago ng klima o panahon dahil sa pagtaas ng mg *greenhouse gases* na nagpapainit sa mundo. Nagdudulot ito ng mga sakuna kagaya ng heatwave, baha at tagtuyot na maaaring magdulot ng pagkakasakit o pagkamatay. Kapag tumaas ang temperatura ng mundo, dadami ang mga sakit kagaya ng dengue, diarrhea, malnutrisyon at iba pa.

Ayon sa pag-aaral, ang dalawang sanhi ng climate change ay ang:

1. Natural na pagbabago ng klima ng buong mundo nitong mga nagdaang matagal na panahon.

2. Mga gawain ng tao na nagbubunga ng pagdami o pagtaas ng carbon dioxide at iba pang greenhouse gases (GHGs).

**Panuto**: Isulat ang mga impormasyong nakuha batay sa inyong nabasa.



## GAWAIN 3

Basahin at unawain ang teksto.

**KAUGALIANG PAGPAPABUKAS**

Wikang Español ang salitang "*mañana*" at nangangahulugan ito ng "bukas." May kinagawiang ugali ang Español na dahil sa taglay nilang katamaran, kapag may bagay na ipinagagawa sa kanila, agad na isasagot ang "*mañana*". Ibig sabihin nito, ang magagawa nila sa araw na iyon ay ipagpapabukas pa. Ito ang pinagmulan ng tinatawag na kaugaliang "*mañana.*" Taglay ang kaugaliang ito ng lahat ng tamad na tao sa buong daigdig.

Ang sinoman sa atin ay maaaring magkaroon ng ganitong gawi. Ipinagpapabukas ba ninyo ang gawaing dapat gampanan sa araw ring iyon? Ang pinakamabuti ay ugaling simulan agad ang anomang gawaing dapat tapusin. May kasabihang "Ang tatanghaliin ng taong tamad ay aalmusalin ng taong masipag".

**Panuto**: Isulat ang mga hinihinging impormasyon.

1) Ano ang salitang "*mañana*"?

______________________________________________

2) Ano ang kahulugan nito sa ating wika?

______________________________________________

3) Anong pananalita ang kinagawiang bigkasin ng isang taong may kaugaliang "*mañana*"?

______________________________________________

4) Anong salita ang angkop na maglalarawan sa isang taong may kaugaliang pagpapabukas?

______________________________________________

5) Ano ang ibig sabihin ng kasabihan sa dakong huli ng teksto?

______________________________________________

## TANDAAN

- Ang ***pagbasa*** ay pagkilala at pagkuha ng mga ideya at kaisipan sa mga sagisag na nakalimbag upang mabigkas nang pasalita.
- Ang ***pahapyaw na pagbasa*** ay mabilisang pagbasa upang makuha ang pangkalahatang ideya ng teksto.
- Ginagawa ito para sa pagtingin o paghanap ng ***mahahalagang impormasyon*** na maaaring makatulong sa bumabasa.

## PAG-ALAM SA MGA NATUTUHAN

**Panuto**: Itala ang inyong mga natutuhan sa talahanayan.


| Ano ang kahalagahan ng pagbabasa? | Paano ang wastong paraan ng pagkuha ng impormasyon? |
|---|---|
| | |

## PANGWAKAS NA PAGSUSULIT

**Panuto**: Basahin at unawain ang teksto.

Kabilang ang usa sa may pinakamagandang kilos sa mga hayop na may kuko. Kilala sa kabilisang tumakbo at kakayahan sa pagtalon ang mga ito. Barako ang tawag sa mga lalaking usa na may sanga-sanga at matitigas na sungay. Kadalasan, naghuhunos ang kanilang sungay taon-taon. Ginagamit ng mga usa ang sungay ng mga ito at mga paa kapag sumasalakay bilang pananggalang laban sa mga kaaway. Ngunit madalas na tumatakbo ang mga ito paalis kaysa makipaglaban.

Kabilang din ang usa sa mga hayop na may dadalawang daliri sa paa. Ang mga usa ay nabibilang sa mga hayop na may apat na bahagi ang tiyan. Sa unang bahagi ng tiyan nito tinutunaw nang bahagya ang kanyang pagkain at saka muling ibinabalik sa bibig. Nginunguya nitong muli ang pagkaing ibinalik bago ituloy sa ibang bahagi ng tiyan nito.



https://www.google.com/search?q=deer

**Panuto:** Piliin ang letra ng tamang sagot.

1) Anong hayop ang tinukoy sa teksto na may pinakamagandang kilos?
   A. kabayo
   B. uod
   C. unggoy
   D. usa

2) Saang pangkat ng mga hayop nabibilang ang mga usa?
   A. pangkat ng may isang sungay
   B. pangkat na may dadalawang daliri sa paa
   C. pangkat ng may maraming daliri mga kamay
   D. pangkat ng may maraming bahagi ang katawan

3) Ilan ang daliri ng paa ng usa?
   A. dalawa
   B. tatlo
   C. apat
   D. lima

4) Aling pagkain ang muling bumabalik sa bibig ng mga usa?
   A. yaong pagkagaling sa loob
   B. yaong pagkaing galing sa labas
   C. yaong pagkaing galing sa unang bahagi ng tiyan
   D. yaong pagkaing galing sa ikaapat na bahagi ng tiyan

5) Kailan ginagamit ng mga usa ang kanilang mga sungay?
   A. kapag ang mga ito ay naglalaro
   B. kapag ang mga ito ay kumakain
   C. kapag ang mga ito ay tumatakbo
   D. kapag ang mga ito ay sumasalakay

## SANGGUNIAN

https://www.coursehero.com/file/68775058/Answe-Key-Filipino-Pretestdocx/
https://www.slideshare.net/lighterthanblue/ang-pagbasa-27770104
https://brainly.ph/question/1503206
https://brainly.ph/question/409678
www.rexinteractive.com
Filipino 6 DLP Module 27
abm-a.blogspot.com (Lhemuel M. Belleza)
https://doh.gov.ph/climate-change

# SUSI SA PAGWAWASTO

**UNANG PAGSUBOK**

1. A
2. C
3. D
4. C
5. D

**BALIK-TANAW**

1. Tama
2. Mali
3. Tama
4. Tama
5. Tama

**GAWAIN 1**

1. A
2. D
3. C
4. D
5. D

**GAWAIN 2**

1. greenhouse gases na nagpapainit sa mundo
2. nagdudulot ng sakuna kagaya ng heatwave
3. dumadami ang mga sakit gaya ng dengue
4. natural na pagbabago ng klima
5. mga gawain na sanhi ng pagtaas ng GHGs

**GAWAIN 3**

1. wikang Espanyol
2. bukas
3. mañana
4. tamad
5. maraming nagagawa at natatapos ang taong masipag

**PAG-ALAM SA NATUTUHAN**

1. Nakakakuha ng kaisipan at impormasyon
2. Tiyakin na ang impormasyon ay wasto

**PANGWAKAS NA PAGSUSULIT**

1. D
2. B
3. A
4. C
5. D